8. MAYROON TAYONG MULING BUMABANGON NA KAISIPANG PANG- *MIDDLE CLASS.*

Pagkalipas ng mahigit sa tatlong dekada ng pagdami ng mga OFWs, mayroon na tayo ngayong bagong henerasyon ng mga mamamayan na puno ng mga makabagong kaisipan na nanggaling pa sa mga matagumpay na bansang tinirhan nila katulad ng Japan, Amerika, Hong Kong, at Singapore. Maging ang Europa ay pinuntahan din ng daan-daang libong mga Filipino OFWs. Ang mga OFWs na nakaranas ng buhay sa mga napakaunlad na pamumuhay sa mga bansang ito ay maaari nang pagkomparahin ang bagay bagay sa mga lugar na ito at gayundin ng sa Pilipinas. Mas mabigat din ang paggalang nila sa pananagutan at katarungan at pagkapantay-pantay.

Ipanalangin natin:

- Na dadalhin ng mga OFWs ang kaalamang natutuhan nila at hihingi ng mas higit pa sa mga namumuno sa kanila sa Pilipinas. Na maiintindihan ng mga Pilipino na tama na ang pang-aabuso at kikilos sila laban dito. Na nawa ay muli na naman tayong mangarap ng mga pangarap.

9. TAYO AY BATA PANG BANSA.

Halos 30 milyon sa ating 45 milyong botante ay nasa mga 18 hanggang 35 taong gulang, batang-bata pa.

Ipanalangin natin:

- Na ang mga kabataan ay magagamit nang maayos. Ang mga kabataang botanteng ito ang maaaring magdala ng mga kinakailangang tunay na pagbabagong politika at pang-ekonomiya.

10. TAYO AY MGA TAONG NILIKHA NG DIYOS NA MAHILIG TUMAWA AT NAGMAMAHAL SA ATING MGA PAMILYA.

Matatag tayong mga tao. Mayroon tayong napapagkukunan ng hindi maisip na kalakasan at katatagan sa panahon ng kahirapan upang umunlad. Alam natin kung paano mabubuhay sa gitna ng labis na kasakitan at pagdurusa. Alam natin kung paano makaraos. Nahahanda tayong magsakripisyo ng husto upang matustusan ating pamilya, ang mga mahal natin sa buhay.

Manalangin tayo:

- Na ang lakas na ito ay hindi lamang maglalabas sa atin sa ating kinabagsakan kung hindi maniniyak din na mararating natin ang mas mataas pang kalagayan sa hangad nating lahat na magkaroon ng mas magandang buhay para sa ating mga pinakamamahal.
- Na ang katatagan din nating ito ang siyang magiging susi upang sa huli hindi lamang tayo makalampas sa ating mga pagsubok, kung hindi lubos tayong magtatagumpay sa ating mga minimithi
- Na maniniwala tayong may sapat na kadahilanan upang umasa. Tayo, bilang mga mamamayan, ay may sapat na kadahilanan upang kumilos sa mga pagasang ito, at pag ginawa natin ito, matatamasa na rin ang ating pinakaaasam na mabuting pamumuhay sa ating panahon.

Education Watch

Kabilang sa mga reklamo laban sa Department of Education ay ang sumusunod: mga aklat na puno ng maling impormasyon *(error-ridden textbooks)*, pagpapakain ng *instant noodles* sa mga estudyante, atbp.

Ipanalangin natin:

- Na tulungan ng Panginoon si Sec. Jesli Lapus at mga kasama sa pagsugpo ng katiwalian sa DepEd.
- Magamit sa tamang paraan ang budget ng DepEd (hal: Masulusyunan ang kakulangan ng mga *classroom*, maitaas ang sweldo ng mga guro, makagawa ng maayos na *instructional materials*).
- Maipamahagi sa 19 million *public school children* ang *instant noodles* na binili ng DepEd at maisaayos ang "Food-for-School" program (masustansiyang pagkain sa murang halaga).

Science & Technology Watch

Ipanalangain natin:

- Na bagama't limitado ang suportang pampinansiyal ng gobyerno at may kakulangan sa likas na kayamanan, ang mga Pilipinong siyentipiko at imbentor ay makapagpatuloy na gumawa at lumikha ng mga gadyet at teknolihiya na makakatulong sa sanlibutan.
- Na sa papamagitan ng agham at teknolohiya, tayo ay magiging mahusay na tagapangasiwa ng ating likas yaman, at matututong gumamit ng mga ito sa pamamaraan na magagamit ito ng lubusan at mas kapaki-pakinabang.
- Na hipuin ng Panginoon ang puso ng mga nasa gobyerno at mga mangangalakal upang ibigay nila ang kabuuang suporta (moral, pinansiyal, o sa pamamagitan ng paggawa ng mga batas) sa mga Pilipinong imbentor at kanilang mga imbensiyon.
- Na magkaroon ng bagong henerasyon ng mga *healthcare providers* na tatayo at magiging seryoso sa pagbibigay ng *healthcare* sang-ayon sa Bibliya.
- Na ang mga *healthcare workers* na ito ay hindi lamang tutugon sa pangangailangang pisikal/medikal ng mga tao, subalit pati sa pangangailangang pang-ispituwal din, sa katuparan ng *Great Commission*, at sila ay magsilbing asin at tanglaw sa kanilang lugar na pinagtratrabahuan.

Para as karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa:
INTERCESSORS FOR THE PHILIPPINES, INC.
#453 Calbayog St., Highway Hills, Mandaluyong City
(02) 533-5166 (02) 533-5183
http://ifphilippines.net
if_phils@yahoo.com, info@ifphilippines.net

Philippine Prayer Alert

Intercessors for the Philippines

Two-Year National Fast Prayer Focus
MAYO 2009

ANG MGA LUMANG LANDAS NG PANGINOON

"Ganito ang sabi ng Panginoon, Magsitayo kayo sa mga daan at magsitingin kayo, at ipagtanong ninyo ang mga dating landas, kung saan nandoon ang mabuting daan; at magsilakad kayo roon, at kayo'y mangakakasumpong ng kapahingahan sa inyong mga kaluluwa: nguni't kanilang sinabi, Hindi kami magsisilakad doon." **Jer 6:16**

NI BISHOP DAN A. BALAIS

Lahat ng bagay ay nalikha para sa natatanging layunin at disenyo ng Diyos, ang Manlilikha at Pinagmumulan ng lahat ng bagay. Itinakda Niya ang "physical laws" ng kalikasan gayon din ang "spiritual at moral laws" para sa tao – ang pinakamataas na uri ng nilikha sa lupa. Kapag sinunod ang mga batas/laws na ito, magkakaroon ng pagkakasundo, kapahingahan at kaayusan sa mundo. Kung hindi igagalang ang mga batas ng Diyos, tiyak ang kaguluhan, kapighatian at kahirapan.

Nang likhain ng Diyos sina Adan at Eba, isinulat ng Diyos ang mga batas na ito sa kanilang puso *(Ecc 3:11)* at habang lumalakad sila sa landas na ito, nananatili ang kaayusan sa daigdig. Nang suwayin nila ang Diyos *(Gen 3:6-7)*, lumayo sila sa landas ng Diyos at inilantad ang kanilang sarili sa sumpa ng pagkahiwalay sa Kanya. Kaya itinakda ng Diyos ang plano ng pagliligtas. Tinawag Niya si Abraham at nakipagtipan dito – sa pamamagitan niya, ang lahat ng bansa ay pagpapalain *(Gen 2:1-3, 17:5)*. Mula sa tipanang ito, ipinanganak ang bansang Israel; dumami ang lahi sa Ehipto at sa takdang panahon, sa pangunguna ni Moises, pinalaya sila mula sa pagkaalipin. Habang naglalakbay sa ilang, isinulat ng Diyos sa bato ang 10 Utos at ipinahayag kay Moises ang lahat ng kautusan na dapat nilang ipamuhay bilang isang nagsisimulang bansa. Isinulat ni Moises ang mga kautusang makapagbibigay sa kanila ng buhay na pinagpala, sagana at mapayapa. Ang pagsuway sa Kautusan ay magdadala sa kanila ng sumpa at kahatulan *(Deut 28:1-68)*.

Tumatawag ang Diyos ng mga propeta sa tuwing kailangan nang paalalahanan ang mga tao na magbalik-loob sa Kanya. Sa kritikal na pagkakataon, si propeta Jeremias ay nagpahayag: "Magsitayo kayo sa mga daan at magsitingin kayo, at ipagtanong ninyo ang mga dating landas, kung saan nandoon ang mabuting daan; at magsilakad kayo roon, at kayo'y mangakakasumpong ng kapahingahan sa inyong mga kaluluwa..." Ang "lumang daan" sa Hebreo ay *"Olam"* na ang ibig sabihin ay pang-walanghanggan. Sa gayon, ang lumang daan ay mga panuntunan ng Diyos para sa tao – upang sila ay mabuhay sa ganap na pagpapala ng Diyos. Tinatawagan ng Diyos ang Israel upang manumbalik sa Kautusan at mamuhay ayon dito upang makaahon ang bansa mula sa kapighatian, kalamidad at kahihiyan, subalit tinanggihan nila ito.

Sa kasalakuyan, nananawagang muli ang Diyos sa lahat ng tao at bansa. Kung nais nating makinabang sa pagpapala at pabor ng Diyos, dapat tayong manumbalik sa Kautusan ng Diyos, sa walang-hanggang panuntunan na inihayag sa tao upang umani ng pagpapala at kabutihan ng Diyos. Manalangin tayo na sa bagong panahon ng grasya para sa ating bansa, ang ating mga kapwa-Pilipino ay manumbalik at lumakad sa matuwid na kautusan ng Diyos upang ang Kanyang awa at habag ay bumaba sa ating mahal na bayan.

Family Watch

Mga Taga - Efeso 6:1-4 "[1]Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang sa Panginoon dahil ito ay matuwid. [2]Igalang ninyo ang inyong ama at ina. Ito ang unang utos na may pangako: [3]Gawin ninyo ito upang maging mabuti para sa inyo at kayo ay mamuhay nang matagal sa lupa. [4]Mga ama, huwag ninyong ibunsod sa galit ang inyong mga anak sa halip ay alagaan ninyo sila sa pagsasanay at sa turo ng Panginoon. "

Manalangin tayo:

- Na matutunan ng mga bata ang maging masunurin sa kanilang mga magulang maliban sa sadyang paggawa ng kasalanan. "Ang pagsunod sa mga magulang ay nangangahulugan na paggawa ng mga anak sa kanilang mga ipinagagawa kahit na ayaw pa nila o kahit ninanais nilang gumawa sana ng ibang bagay. Habang patuloy kayong naglalabanan, nag-aaway, at nagrerebelde sa inyong mga magulang, ay lumalaban na rin kayo mismo laban sa Diyos." (mula sa Kingdom Living Series, Lesson 10) (Mga Kawikaan 1:8-9).
- Na ang mga anak ay pararangalan ang kanilang mga ama at mga ina dahil ang responsibilidad na ito ay panghabang-buhay. "Ang pagbibigay-parangal sa iyong mga magulang ay nangangahulugan ng paggalang sa otoridad nila sa inyong buhay, kahit na sa palagay ninyo ay mas marami kayong alam kaysa inyong mga magulang. Huwag ninyong kalilimutan ang pagpaparangal sa kanila habang kaya niyo. Ang pagmamahal sa kanila ay nangangahulugan ng kasakitan o pagkain sa inyong pride kahit na napakahirap nitong gawin" (mula Kingdom Living Series, Lesson 10). Sa sampung mga kautusan, ito ang tanging kautusan na may kalakip na pangako – na ang mga anak na magbibigay parangal sa kanilang mga magulang ay magkakaroon ng masaya, kapaki-pakinabang, ganap at mahabang buhay.
- Na matutunan ng mga ama na balansehin ang pagdidisiplina ng pag-ibig, hindi ng galit. Ipanalangin na ang mga ama ay magkaroon ng tamang relasyon sa Diyos, na maging halimbawa sila ng pagiging matuwid, at ibilang nilang isang dakilang responsibilidad na turuan at sanayin ang kanilang mga anak sa ng katuruan at pag-uugaling galing sa Bibliya.

Religion/Church Watch

"Ang mga ito (lipi ni Isacar) ay marunong humula sa panahon at nagpapasiya kung ano ang hakbang na gagawin sa bansang Israel" (1 Cron 12:32)

Napakahalaga na maunawaan ng mga hinirang ng Diyos ang pagpapalit ng panahon para sa bansa – malaman ang dapat nilang gawin at mailagay sa tamang posisyon ang kanilang sarili ayon sa pagkilos ng Diyos.

Ang ika-490 taon mula sa pagdating ng krus sa Pilipinas ay magaganap sa 2011. Ayon sa Daniel 9:24, may kahalagahang espiritwal ang pangyayaring ito: (a) upang tapusin ang pagsalansang *(transgression)*; (b) wakasan ang kasalanan; (c) muling pagkakasundo *(reconciliation)*; (d) magdala ng pang-walang hanggang katuwiran; (e) selyuhan ang "vision" at "prophecy"; at (f) i-"anoint" ang dakong Kabanal-banalan.

Ang iglesya ay may panagugutan *(priestly and prophetic roles)* sa mga lider ng bansa at mga mamamayan upang maihanda ang landas tungo sa prophetic agenda ng Diyos para sa Pilipinas sa itinakdang panahon o *"kairos."* Ang iglesya at *religious leaders* ay dapat manguna sa pagbabalik-loob ng ating bansa sa Diyos; dapat tayong maging matapang sa pag-gawa at pag-gabay sa mga tao tungo sa pangmatagalang *moral* at *spiritual reformation*.

Manalangin tayo:

- Na magkaroon ng *discernment*, kaunawaan at katalinuhan ang iglesya at *religious leaders* upang maunawaan ang sinasabi at ginagawa ng Diyos sa bansang Pilipinas (Isa 11:2-3)
- Na hingin ng iglesya at *religious leaders* ang paglilinis sa tahanan ng Diyos (2 Cron 29:1-11).
- Na mamagitan ang mga *intercessors (identification repentance)* para sa kasalanan ng iglesya, *religious leaders*, *political* at *business leaders* at mamamayan (2 Cron 7:14, Ezek 22:23-30).
- Na makialam at makilahok ang iglesya at *religious leaders* sa pagtatatag ng pundasyon ng katuwiran at katarungan sa walong (8) *gates* ng lipunan; mapalaya ang iglesya sa *spirit of religiosity* at magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa Magandang Balita ng Kaharian ng Diyos (Awit 89:14; Mat 4:23; 24:14; Luk 17:21; Rom 14:17).

Government Watch

Iba't iba ang reaksiyon ng mga tao ukol sa malawakang krisis pang-ekonomiya. May nagsasabi na dapat bigyan ng *cash transfer* ang mahihirap subalit ayon sa ating karanasan, may kahirapan na tukuyin *(identify and locate)* kung sino ba talaga ang matatawag na "mahirap". Dagdag pa dito, malaki ang kakulangan ng pondo ng pamahalaan dahil inaasahang bababa ang singil sa buwis bunga ng pagsasarado ng mga kumpanya, pagbababa ng kita/benta, pagkawala ng mga hanapbuhay at pagbagal ng ekonomiya.

Manalangin tayo:

- Na ang mga Kristiyanong *businessmen* ay mangunguna sa pagbabayad ng tamang buwis. Isang paraan upang ipahiya ang diyablo ay sundin ang utos ng Diyos, "ibigay kay Cesar ang para kay Cesar (gobyerno)" kung paanong tayo ay nagbibigay ng ikapu sa Diyos.
- Na ingatan ng Diyos ang negosyo at hanap-buhay ng ating mga kapatid kung paanong ang mga Hebreong alipin ay naligtas sa salot na ipinadala sa Ehipto (Exo 8:22, 9:4,26, 11:7). Dagdag pa dito, nalimas ng mga Hebreo ang kayaman ng Ehipto ng sila ay lumaya sa pagkaalipin (Exo 12:35-36). Ito ang panahon upang tanggapin ng matuwid ang kanilang mana na inipon para sa kanila ng mga masasama (Kaw 13:22; Manga ngaral 2:26).

Ipinalangin din na ang mga Kongresista at mga Senador ay:

- Kikilos nang buong dangal at ipapanguna ang interes ng mga mamamayan at ng bansa bago ang mga makasariling mga interes.
- Uunahin ang pagpapasa ng mga batas na makakatulong upang malampasan ng Pilipinas ang kasalukuyang *recession* o mahinang ekonomiya.
- Magsasagawa ng mga imbestigasyon nang walang sinumang kinikilingan at nagnanais lamang na lumabas ang katotohanan.
- Uunahin ang kanilang katapatan sa bansa kaysa sa katapatan nila sa kanilang partido.
- Manguna sa pagnanais na mabunyag ang anumang katiwalian sa ating bansa.

COMELEC WATCH

Noong 2005, sinimulan na nating ipanalangin ang automation ng COMELEC. Kamakailan lamang (Marso 2009), binigyan ng Kongreso ng P11.3 bilyon na *budget* ang COMELEC upang ipatupad ang automation sa darating na halalan sa Mayo 2010. Dagdag pa dito, inilagay ng Panginoon ang ating kapatid na si Dir. Ferdinand Rafanan bilang pangulo ng Bids and Awards Committee (BAC) na siyang magsisiyasat ng pagbili ng equipment at computer software para sa automation.

Ipanalangin natin:

- Na ang Diyos ang gumabay sa mga miyembro ng BAC committee – upang makakuha sila ng mura subalit may kalidad na *equipment* at *computer software* at matapos ang pagbili sa itinakdang panahon (May 2009).
- Na ang mga *bidders* (at kanilang kasapakat) na may masamang motibo ay ilantad ng Panginoon at ilagay sila sa tiyak na kahihiyan.
- Na magningning ang patotoo ng ating kapatid sa COMELEC na si Dir Rafanan bilang isang tunay na *servant-leader.*
- Na magkaroon ng sapat na panahon para sa *training* ng mga *election officers.*

Business/Economy Watch

MAY PAG-ASANG MAKABAWI ANG EKONOMIYA

May pagasang makabawi ang ating ekonomiya. Tayo nang manalangin at sama-samang gumawa at magsipag habang pinagaaralan natin ang ating mga potensiyal bilang isang bansa. Ang mga sumusunod ay halaw mula sa sinulat ni Sen. Francis Pangilinan na *Ten Reasons Why There is Genuine Hope for the Philippines* (Ang bilang 1-7 ay nasa Abril na *issue* ng PPA):